

Ipinakita ng Diyos ang Kanyang Pag-ibig sa Pamamagitan ng Krus

Ipinakita ng Diyos sa maga sumasampalatayang (makasalanang) ang Kanyang pag-ibig. Siya rin ang gumawa ng dahilan upang tayo ay maligtas sa Kanyang poot. “Ngunit ipinadama ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo’y makasalanang pa”. (Roma 5:8)

Ligtas sa Pamamagitan ng Biyayang Kaloob Lamang

Ipinanganak tayong makasalanang, walang paraan upang mailigtas natin ang ating sarili. Sinabi ng Diyos, “mapagbabago ba ng isang Etiyopyan ang kulay ng kanyang balat o maaalis kaya ng isang leopardo ang kanyang mga batik? Impossible! Gayun din hindi na maaring magbago ang taong sanay nang gumawa ng masama. (Jeremias 13:23) Ang nanampalatayang makasalanang ay hindi naligtas sa pamamagitan ng kanyang mabuting gawa, kundi sa pamamagitan ni Jesus. “Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Cristo. At ang kaligtasang ito’y kaloob ng Diyos, hindi mula sa inyo. Hindi ito dahil sa inyong mga gawa kaya’t walang dapat ipagmalaki ang sinuman”. (Efeso 2:8-9) Ni hindi natin masasabi na naligtas tayo dahil sa ating sariling pananalig. Maliwanag na sinasabi sa Kasulatan ito’y kaloob ng Diyos. Kung nagbuhay sa ating sarili hindi na ito kaloob. Ngayong ito ay kaloob ang luwalhati ay nauukol sa Diyos dahil sa ang pagpapala ay mula sa Kanya. “Ako ang Alpha at ang Omega,” wika ng Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Diyos sa kasalukuyan, sa nakaraan, at siyang darat-ing.” (Pahayag 1:8)

Ang Muling Pagkabuhay ang Nagpatunay ng Mabuting Balita

Tinanggap ng Ama ang kabayaran ng ating mga kasalanang. Pinatunayan ito sa Muling Pagkabuhay ni

Jesus. Ang Kanyang pagkamatuwid ay ibinahagi din sa atin. Ang Ama ay lubos na nasiyahan sa pagtubos sa ating kasalanang sa pamamagitan ng pagkamatay ni Jesus sa krus. Mga minamahal, ito ang misterio ng mabuting balita! “Ako ay Hebreo,” sagot ni Jonas. “Nananalig ako kay Yahweh, and Diyos ng kalangitan, ang lumikha ng dagat at ng lupa.” (Jonas 1:9)

Kapag naunawaan ng makasalanang ang ebanghelyo makikita niya kung gaano kadakila ang Diyos na pinagpala ang pusakal na makasalanang tulad natin. Ginawa lahat ito ng Diyos. Ang Ama ay tunay na nasiyahan sa ginawa ni Cristo pagsakop sa atin sa krus. At gaano rin ang kasiyahan ng ating kaluluwa kay Cristo Jesus. Pag ating nakita na tayo ay walang halaga sa harap ng banal na Diyos at nararapat tayo sa Kanyang poot at parusa, at naniwala na ang ating sariling pagkamatuwid ay tulad sa maruming basahan, kapag tayo ay nagtiwala sa pagkamatuwid ni Jesus ikaw ay makailigtas sa poot ng Diyos. Ngayon hindi ka na nabubuhay sa kamunduhan, nabubuhay ka na ukol sa Diyos. Magkakaroon ka ng pagkauhaw sa Kaniya, masisiyahan kang magbasa at mag-aral ng Kanyang Salita. Kakausapin mo ang Diyos sa pamamagitan ng pagdarasal, makikipag-ugnay sa ibang matatag na Kristiano. Magkakaroon ka ng pagnanasang mangaral ng ebanghelyo. Oo, ang Diyos ang nagpabago ng inyong kalikasan. Ginawa niya ito hindi dahil sa karapat-dapatsa iyo, kundi dahil sa kanyang pagpapala.

Walang bayad na iyong tinanggap, walang bayad na ipamigay! Gumawa ng sipi at ipamigay.

Sinalin sa Pilipino ni Liwanag Garcia

Agape Chapel Ministries

P.O. Box 59084

Norwalk, CA 90652

USA

**Booklets & Tracts are given freely.
Do not sell!**

Web: www.sounddoctrine.net

e-mail: acm@sounddoctrine.net

NGUNIT ANG ARAW NG PANGINOON AY
DARATING NA TULAD NG MAG-
NANAKAW

Ang Maluwahating Mensahe ng Mabuting Balita

Ano ang mabuting balita? Karamihan sa nagsisimbang kristiyano ay alam ang mabuting balita ng kaligtasan. Ngunit ang tunay na Kristiyano ay hindi panlabas lamang o pakitang tao. Ito ay nagbabagong buhay na. Ito ang tunay na kahulugan ng nakakaalam ng mabuting balita.

Maraming magsasabi ng ganito, “Ang Diyos ay iniibig ka at mayruong magandang plano sa iyo. Magdadal ka ng pagsisi at tanggapin mo si Jesus sa iyong buhay, at ikaw ay magkakamit ng buhay na walang hanggan”.

Ang mga simbahan ay puno ng malagithay at makamundong Kristiyano. Walang taos na pagsisisi at pagbabagong buhay na nagbibigay luwalhati at papuri sa Diyos.

Naligtas sa Poot ng Diyos

Tama na ang ebanghelyo ang mabuting balita ngunit hindi nila alam ang masamang balita. Dahil dito hindi mabigyan ng luwalhati ang Panginoon dahil sa mabuting balita. Ang masamang balita ay dulot ng kasalanang. Ang tao ay hindi makakapunta sa langit, lahat ay nasa ilalim ng poot ng Diyos. Ang kaligtasan ay nangangahulugan na tayo ay sinagip sa poot ng Diyos at ngayon ay namumuhay ng ukol sa Diyos. (Roma 5:8-9)

Lahat ay Nagkasala sa Diyos (Roma 3:23, 5:12)

Ang poot ng Diyos ay buhat sa Kaniyang pagiging banal, makatwiran at makatarungan. Ang Diyos

ay lubos ang pagka banal at pagka makatuwiran kaya isa na maliit na kasalanan lamang ay paglabag na sa Kanyang kabanalan. Kung ikaw ay nakasuot ng isang puting damit at ito'y napatakan ng ketsup ang damit mo ay marumi na. Isang maliit na kasalanan ay sapat na. Walang makapagtatago sa Diyos; lahat ay hayag at lantad sa Kaniyang paningin, at sa Kanya tayong magsusulat. (Hebreo 4:13)

Nakikita niya ang ating iniisip at pamamaraan. Dahil ang Diyos ay lubos na banal at makatuwiran, ang Kanyang batayan ay nasasalig dito. Sa Kanyang paningin tayong nagkasala sa isip at sa gawa. Sumuway tayong sa Kanyang utos at tayong ay makasalanan sa harap ng Kanyang dakilang luklukan.

Tayo'y Nararapat sa Impiyerno

Parurusahan ng Diyos ang makasalanan. Hindi ba ang Diyos ay mapagmahal at maawain? "Oo, ngunit tiyak na parurusahan din niya ang sinumang magkasala" (Nahum 1:3) Kung ang hukom sa inyong pook ay hindi bibigyan ng parusa ang mga nagkasala dahil sa siya ay mapagmahal at mabuti, siya ba'y tunay na mabuting hukom? Hindi, ang mabuting hukom ay parurusahan ang makasalanan. Ang Diyos ang hukom ng sanglibutan kaya parurusahan niya ang makasalanan.

Ang Diyos ay Banal

Ang pagkabanal ng Diyos ay lubos at sukdulan. Ang kaparurusahan niya ay lubos din at sukdulan. Kung hindi siya ganuon ang kaparurusahan ay hindi sukdulan, ito'y maagan lamang. Kung hindi siya lubos na banal wala nang kaparurusahan. Kaya ang mga "Kulto" at ibang relihiyon ay hindi naniniwala sa impiyerno. Ang kanilang Diyos ay hindi lubos na banal. Kung nagkasala ka sa isang maliit na tao maaring makaiwas ka sa parusa. Pag nagkasala ka sa makapangyarihang tao, malalaman ito ng buong mundo at ang parusa ay mabigat. Ang Diyos na may-ari ng sanglibutan ay lubos na makatarungan. Ang kasalanan sa Kanya ay sapat din sa kanyang pagkabanal at kadakilaan. Ang impiyerno ang lawang apoy na walang katapusan. Dito magdurusa ang katawan at kaisipan ng makasalanan magpakailanman.

Walang Sinumang Makatuwiran

Ang Diyos ay banal at matuwid. Tayo ay makasalanan at walang katuwiran. Ang Diyos ay hindi mananahan sa mga makasalanan.

"Ang gawang masama'y di mo kalulugdan, ang gawang hidwa'y di mo papayagan". (Awit 5:4)

"Ikaw ay banal, ayaw mong tumingin sa kasamaan. Hindi mo matatagalang tingnan ang kalikuan". (Habakuk 1:13)

Tayo ay dapat maging lubos na makatuwiran upang makapiling tayong ng Diyos.

Paano ngayon, imposible ito. Ayon sa nasusulat:

"Walang matuwid, wala kahit isa". (Roma 3:10) Lahat tayong ay nagkasala sa kanya at nararapat sa parusa sa impiyerno.

Ang Mabuting Balita

Ang Diyos na mayaman sa kaawaan ay gumawa ng paraan upang tayong ay makaiwas sa kanyang poot. Oo, tayong magiging makatuwiran, hindi sa pamamagitan ng ating sarili, kundi matatagpuan sa ebanghelyo. Ito ang mabuting balita! Inihihayag nito na ang pagpapawalang-sala ng Diyos sa mga tao ay nagsisimula sa pananampalataya. At nagiging ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. Ayon sa nasusulat, "Ang pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay." (Roma 1:17) Ang kabuuan ng ebanghelyo ay si Jesu Kristo! Walang mabuting balita kung wala si Jesu!

Ang Pagbahagi ng Pagkamatuwid ni Jesucristo

"Ang kasalanan'y pumasok sa sanglibutan sa pamamagitan ng isang tao, at ang kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan niya. Dahil dito, lumaganap ang kamatayan sa lahat ng tao sapagkat ang lahat ay nagkasala". (Roma 5:12)

Si Adan na nilikhang banal ay nagkasala, siya'y nilikhang pagmumulan ng sanglibutan. "Sapagkat sa pagsuway ng isang tao ay marami ang naging makasalanan, gayon din naman, marami ang pawawalang-sala sa pagsunod ng isang tao." (Roma 5:19) "Sa pamamagitan ng isang tao - si Adan - naghari ang kamatayan dahil sa kanyang kasalanan. Ngunit sa pamamagitan din ng isang tao - si Jesu-Cristo - higit ang

kinamtan ng mga kinahabagan nang sagana at pinawalang-sala: sila'y maghahari sa buhay. Kay laki ng kahigtan ng pagpapalang ito kaysa kasawiang ayon." (Roma 5:17) Hindi tayong sumunod sa Diyos ngunit si Jesus na ating tagapamagitan ay masunurin sa Diyos. Si Adan ay sumuway at natukso sa Paraiso, ngunit si Jesus ay napaglabanan ang tukso ng kaaway sa ilang. Ang buhay Niya ay lubos na banal at makatuwiran. Sa pagkamatay Niya sa krus, napataw sa Kanya ang ating kasalanan. Ang Kanyang kabanalan at pagiging matuwid ay ipinataw sa atin na mga sumasampalataya sa Kanya. "Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y ibinilang na makasalanan upang makipag-isa tayong sa kanya at mapabanal sa harapan ng Diyos sa pamamagitan niya." (2Corinto 5:21)

Ipinakita ng Diyos ang Kanyang Hustisya sa Pamamagitan ng Krus

Ang Diyos ay mabuting hukom kayat ang kasalanan ay dapat parusahan. Ang sala ay ipinataw kay Jesus, siya ang nagdusa sa ating kasalanan. "Siya ang itinakda ng Diyos na magiging handog upang sa pagbububo ng kanyang dugo ay maipatawad ang kasalanan ng tao sa pamamagitan ng pananalig sa kanya. Ginawa ito ng Diyos upang ipakilalang siya'y matuwid, sapagkat noong una, nagtimpi siya at ipinagpaumanhin ang mga kasalananang nagawa ng mga tao. At sa ngayon, pinawalang-sala niya ang mga nananalig kay Jesus upang patunayang siya'y matuwid." (Roma 3:25-26)